



LINGGO NG MISYON UNANG LINGGO NG KINGDOMTIDE

Ika-27 ng Agosto 2017

KAAYUSAN NG PAGSAMBA

PANIMULANG TUGTUGIN/PAGHAHANDA

Ang **BUWAN NG MISYON** ay isang pagdiriwang na nagpapatibay sa pakikilahok ng Diyos sa kasaysayan ng kanyang bayan at ng buong sangnilikha. Ang kapahayagang ito ay tumatawag sa ating lahat para sa muling pagsasabuhay ng katapatan at pagtatalaga na isalin sa kongkretong pagkilos, at matuwid na pamumuhay ang layunin ng Diyos para sa buong sangnilikha.

AWIT NG PAGDIRIWANG

Maligayang Sinasamba

MASP #285

Maligayang sinasamba, aming Dios ng pagsinta;
Ang bulaklak ang kagaya na hamog ang pag-asa;
Tunawin ang madlang sala at lahat nang pangamba,,
Tagabigay ng ligaya, kami'y punuin Mo na.

Naliligid ka ng galak, sinag Mo'y namamarak,
Sa palibot Mong marilag ay nagpupuring lahat;
Bundok, parang, gilid, gubat, bulaklakan at dagat,
maging awit at lagaslas, puri sa'yo ang saad.

Nagpapatawad Kang tunay at laging mapagbigay,
Batis ng t'wang pamumuhay at nang kapahingahan;
Ikaw'y Amang mapagmahal, kapatid pang karamay,
Sa pag-ibig ay turuang may kagalakang banal.

Kami'y samahan sa awit na nanggaling sa langit,
Pagharian ng pag-ibig, madlang magkakapatid;
Sa paglakad ay ihimig, tagumpay sa ligalig,
Sa t'wa't mapagwaging tinig, samahan sa pag-awit.

† Tawag sa Pagsamba

Patnugot: Halina bayan ng Diyos, kilalanin at angkinin natin ngayong araw na sumasaatin ang Espiritu ng nabuhay na Cristo.

Kapulungan: Hinirang Niya tayo upang ipangaral ang sa mga dukha ang mabuting balita.

Patnugot: Sinugo Niya tayo upang ipahayag sa mga bihag na sila'y lalaya.

Kapulungan: Binigyan Niya tayo ng kapangyarihan upang ibalita sa mha bulag na sila'y makakaita.

Patnugot: Pinagkalooban Niya tayo ng lakas na nagbubuhay sa Kanya upang bigyang-kaluwagan ang mga sinisiil.

Kapulungan: Inutusan Niya tayo na humayo sa buong sanglibutan upang ipahayag sa lahat ang pagliligtas ng gagawin ng Panginoon.

Lahat: Purihi natin ang Diyos na aktibong kumikilang sa ating buhay at ganap na nakikilahok sa ating pagmimisyon sa sanglibutan bilang Kanyang mga alagad.

† INBOKASYON

Patnugot

TUGONG AWIT NG KAPULUNGAN

Purihin, Purihin

MASP # 215

Purihin, purihin, purihin! Sa Panginoon ang lahat ang puri at lakas

Sa pag-ibig tayo'y batbat ng Dios na Trinidad.

Purihin sa awit natin ang puspos ng galing,

Sa Dios dangal ang dangal ihain kaylan pa man, Amen.

Sa Dios dangal ang ihain, purihin, purihin

Sa Dios dangal ang ihain kaylan pa man. Amen.

PAGBASANG SAGUTAN – 2 Corinto 4

Tagapanguna: Dahil sa habag ng Diyos, hinirang niya ako para sa gawaing ito kaya naman malakas ang aking loob. Tinalikdan ko na ang mga gawang kahiya-hiya at ginagawa nang palihim. Hindi ako nanlilinlang at hindi ko pinipilipit ang Salita ng Diyos. Sa halip, hayagan kong ipinangaral ang katotohanan at ito'y alam ng Diyos. Kaya't handa akong pahatol kaninuman.

Mga CWA: Kung may talukbong pa ang Mabuting Balitang ipinahahayag namin, ito'y natatalukbungan lamang sa mga napapahamak. Hindi sila sumasampalataya, sapagkat ang kanilang isip ay binulag ng diyos ng daigdig na ito. Sila'y binulag nito upang hindi

nila makita ang liwanag ng Mabuting Balita tungkol sa kaningningan ni Cristo na siyang larawan ng Diyos.

Mga UCM: Si Cristo Jesus na ating Panginoon ang ipinangangaral ko at hindi ang aking sarili. Ako'y lingkod ninyo alang-alang kay Jesus. Sapagkat ang Diyos na nagsabing "Mula sa karimlan ay sisilang ang liwanag" ay siya ring nagbigay-liwanag sa aming mga isip upang makilala ang kadakilaan ng Diyos na nahahayag sa mukha ni Cristo.

Mga Bata at CYF: Ngunit kaming pinagkalooban ng kayamanang espirituwal na ito ay hamak---kung baga sa sisidlan ay palayok lamang---upang ipakilalang ang di malirip na kapangyarihan ay sa Diyos, at hindi amin. Ginigipit kami sa kabi-kabila ngunit di nagagapi. Kung minsa'y nag-aalinlangan kami ngunit di nawawalan ng pag-asa.

Mga CYAF: Pinag-uusig kami ngunit di nawawalan ng kaibigan; naibubuwal ngunit di tuluyang nailulugmok. Lagi kong taglay sa aking katawan ang kamatayan ni Jesus upang sa pamamagitan ng katawan ko'y mahayag ang kanyang buhay.

Mga Babae: Kami'y laging nabibingit sa kamatayan alang-alang kay Cristo upang sa aming katawang may kamatayan ay mahayag ang kanyang buhay. Anupat habang ako'y dahan-dahang namamatay, nagkakaroon naman kayo ng buhay na walang hanggan.

Mga Lalake: Sinasabi ng Kasulatan, "Nagsasalita ako sapagkat ako'y sumasampalataya." Bunga ng gayong diwa ng pananampalataya, nagsasalita rin ako sapagkat ako ma'y sumasampalataya. Sapagkat nalalaman kong ang Diyos na muling bumuhay sa Panginoong Jesus ang siya ring bubuhay sa akin kasama niya, at magdadala sa inyo at sa akin sa kanyang piling.

Tagapanguna: Ang lahat ng pagtitiis ko ay sa kapakanan ninyo upang sa pagdami ng mga nakatatanggap ng mga kaloob ng Diyos, lalo namang dumami ang magpapasalamat at magpupuri sa kanya. Kaya't hindi ako pinanghihinaan ng loob. Bagamat humihina ang aking katawang-lupa, patuloy namang lumalakas ang aking espiritu.

Lahat: Ang bahagya at panandaliang kapighatiang dinaranas ko ngayon ay magbubunga ng kaligayahang walang hanggan at walang katulad. Kaya't ang paningin namin ay nakapako sa mga bagay na di nakikita, hindi sa nakikita. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang hanggan ang mga bagay na di nakikita.

(sandali ng katahimikan . . . upang pagnilayan ang mensahe ng pagbasang sagutan.)

PANALANGING PASTORAL/NG BAYAN

TUGONG AWIT

Diyos Ang Aming Hibik ay Dinggon

MASP # 222-A

Dios ang hibik namin ay dinggin, kami ngayon ay pagpalain. Amen.

† ANG PAGBASA NG BANAL NA KASULATAN

† GLORIA PATRI

MENSAHE SA AWIT

Koro ng Iglesia

HOMILIYA/SERMON

TAWAG SA PAGHAHANDOG

Patnugot: Nang si Cristo'y manaog sa sanlibutan, sinabi niya sa Diyos, Ang mga hain at handog na mga hayop ay hindi mo ibig, kaya't inihanda mo ang aking katawan upang maging hain. Hindi mo kinalugdan ang mga handog na susunugin at ang mga handog dahil sa kasalanan. Kaya't aking sinabi, narito ako, O Diyos upang tuparin ang iyong kalooban (Hebreo 10:5-7).

Kapulungan: Panginoon, narito kami upang tuparin ang Iyong kalooban at isakatupan ang Iyong misyon. Ipinagkakaloob namin ang aming buhay, ikapu, pangako, bunga ng pagpapagal at mga tinatangkilik bilang pagkilala at pagtugon sa Iyong kabutihan at pag-ibig sa amin.

**(ang paglikom ng mga handog gagampanan ng mga Deacons,
kasabay ang handog na awit.)**

‡ AWIT NG KAPULUNGAN

Doxology

‡ PANALANGIN NG PAGPAPASALAMAT

Tagapanguna

AWIT NG PAGTATALAGA "Ang Tagasunod ni Cristo"

MASP #214

Ang tagasunod ni Cristo ay naghirap na totoo
sa paghahatid sa tao ng dakilang ebanghelyo.

KORO:

Sundan, sundan ang uliran, ebanghelyo ay isaysay;
Sundan, sundan ang uliran, si Jesus ang ating tingnan.

Ang Kristiyano'y tinitingnan sa pagkilos araw-araw;
At laging hinahatulan sa bahagyang kamalian.

Sa gawa, kilos at wika, dapat maging halimbawa;
Upang purihin ang madla ang ating Dios na dakila.

Titik ang ating katulad na binabasa ng lahat;
At hinahatulang kagyat, kung hidwa o nararapat.

Kung tayo ay makasunod sa Kanyang dakilang utos,

putong ng buhay ang handog sa langit ng tuwa't lugod.

‡ **PANALANGIN NG PAGATATALAGA AT BENDISYON**

Pastor

‡ **TUGONG AWIT NG KAPULUNGAN**

Tatlong Amen

SANDALI NG KATAHIMIKAN/RESESYUNAL